

Republic of the Philippines
**Rizal Provincial Government**
Antipolo, Rizal

## OFFICE OF THE GOVERNOR

## M E N S A H E
**PAGTATAPOS 2015 - 2016**

Ang araw na ito ay isang hudyat ng pagsulong at pag-asa sa hinaharap. Ito ay isang hamon tungo sa isang maayos at matagumpay na buhay. Simula rin ito ng marami pang taon ng pagtitiyaga, pagsusunog ng kilay at puspusang paglinang ng mga kaalaman at kasanayan upang sa dakong huli ay makamit ang katuparan ng inyong mga pangarap.

Sa tulong ng inyong mga guro na buong-puso at matiyagang ibinahagi ang kanilang kaalaman at sa pagmamahal at patnubay na ibinigay ng inyong mga magulang ay naabot ninyo ang karangalan at dakilang araw ng inyong pagtatapos. Sa inyong tagumpay, hindi lamang kayo ang makikinabang. Kaisa ninyo dito ang inyong pamilya at ang ating lipunan. Ito ang buod ng paksa ng inyong pagtatapos: ***"Kabataang Mula sa K to 12, Tagapagdala ng Kaunlaran sa Bansang Pilipinas."*** Sinasalamin nito ang kahalagahan ng K to 12 na isinulong ng ating pamahalaan sa paniniwalang mula sa inyong hanay ay uusbong ang mga lider na magbibigay ng kaunlaran sa ating bayan. Sana ang dakilang araw na ito ay magsilbing inspirasyon sa bawat isa tungo sa mas magandang buhay at kumilos nawa kayo ng may mataas na adhikain bilang responsableng mamamayang nagmamahal sa ating bayan. Patuloy din sana kayong kumilos para sa malinis at ligtas na kapaligiran sa ilalim ng ating YES Program.

Tanggapin ninyo ang aking mainit at taus-pusong pagbati. Pagpalain nawa ng Panginoon ang lahat ng inyong mga pangarap sa buhay.

**Mabuhay ang Class 2016!**

**REBECCA A. YNARES**
Punong Lalawigan